# Ang Pagboto sa Eleksyon para sa School Board ng San Francisco:

# **Hindi** kailangang US citizen ka!

## Para makaboto, *lahat* ng pangungusap na ito ay dapat totoo sa iyo:

- ❑ Ako ay magiging 18 taong gulang na sa o bago mag Nobyembre 6, 2018.
- ❑ Ako at ang aking anak ay parehong nakatira sa San Francisco.
- ❑ Ako ay magulang, legal guardian, o tagapagalaga ng isang batang may edad na mas mababa sa 19 taong gulang.
- ❑ Ako ay hindi nakakulong sa prisohan sa kasalukuyan o naka parole dahil sa nagawang isang mabigat na kasalanan na nahatulan.
- ❑ Hindi ako idineklarang "wala sa matinong pagiisip" ng isang korte sa US.

Kung *lahat* ng mga ito ay totoo sa iyo, maaari kang makaboto sa eleksyon para sa School Board ng San Francisco.

Kung hindi mo matsekan ang lahat ng mga box sa itaas, hindi ka pwedeng bumoto. HUWAG magrehistro para bumoto o magtangkang bumoto kung hindi mo malagyan ng tsek ang lahat na mga box. Kung susubukan mong bumoto, maaaring mailagay sa seryosong kadelikaduhan ang iyong sarili at pamilya.

Ang pagboto para sa School Board ay iyong karapatan bilang bahagi ng bagong batas ng San Francisco na tinatawag na "Mga Karapatang Bumoto ng mga Hindi Citizen." Nakilala din ito bilang "Prop N." HINDI ka makaboboto kaninuman, tulad ng supervisor, mayor, gubernador, o senador.

## MAHALAGANG NOTISYA

### PARA SA MGA HINDI CITIZEN NG US

Anumang impormasyon ang ibibigay mo sa Department of Elections, kabilang na ang iyong pangalan at tirahan, ay maaaring makuha ng Immigration & Customs Enforcement (ICE), at ng iba pang mga ahensya, organisasyon at indibidwal. Dagdag pa, kapag nag-apply ka for naturalization, tatanungin ka kung nakapagparehistro ka na ba o nakaboto ka sa eleksyon ng fedral, state at lokal sa United States.

Gugustuhin mong makakonsulta ng abugadong pangimigrasyon, ng organisasyong nagpoprotekta ng karapatan ng mga imigrante, o iba pang maalam na source bago ka magbigay ng personal na mga impormasyon sa Department of Elections at bago magparehistro para bumoto sa eleksyon sa San Francisco Board of Education.

# Kadalasang Mga Katanungan

1. **Paano ako makapagpapareheistro para bumoto sa ilalim ng Prop N?**
   Kumuha ng “registration form pambotante na para sa hindi citizen” mula sa Department of Elections sa City Hall, sa San Francisco Unified School District, o mga immigrant organisasyon sa San Francisco. Huwag kumuha ng “standard voter registration form” – ang mga iyon ay para sa US citizen lamang. Kumpletuhin ang iyong porma, lagdaan ito, at ibalik ito. Tapos, abangan sa iyong mga liham ang impormasyon kung saan ka boboto, kailan ka boboto, at ang mga pangalan ng mga kandidato.

2. **Makukuha ba ng ICE ang aking mga impormasyon kung ako ay boboto sa ilalim ng Prop N?**
   Oo. Kapag ikaw ay nagrehistro para bumoto, ito ay isa pang paraan na makuha ng pamahalaang federal at ng ICE ang mga impormasyon tungkol sa iyo. Kasama na dito ang iyong pangalan at tirahan. Mahigpit naming rekomendasyon na makipagusap sa abugadong pangimigrasyon o organisasyon upang higit pang malaman ang tungkol sa mga peligrong ito – at paano protektahan ang iyong sarili at iyong pamilya sa ICE. Maaari ding magbigay sa iyo ng payo ang San Francisco Immigrant Legal and Education Network (SFILEN). Makikita ang SFILEN online sa http://sfilen.org/ o makokontak sa (415) 282-6209.

3. **Papaano naiiba ang eleksyon para sa School Board sa ibang mga eleksyon?**
   May ibat ibang klase ng election sa United States. Mga US citizen lamang ang nakakaboto sa mga eleksyon ng federal, state at lokal. Dinidisisyunan ng US federal eleksyon kung sino ang magiging presidente at mga maninilbihan sa kongreso. Dinidisisyunan ng eleksyon ng State ang gubernador ng California at mga mambabatas. Ang eleksyong lokal ay para lamang sa San Francisco, at kabilang dito ang botohan para sa San Francisco mayor at Board of Supervisors. Dinidisisyunan ng eleksyon para sa School Board ang magiging in charge sa mga eskwelahan sa San Francisco. Pinapayagan na makaboto ang mga hindi citizen sa eleksyon para sa School Board.

4. **Ano ang Proposisyon N at bakit ako dapat na bumoto para sa School Board?**
   Noong 2016, ibinoto ng mga naninirahan ng San Francisco at ipinasa ang isang bagong batas na tinawag na Proposisyon N (o Prop N). Pinapayagan ng bagong batas na ito na makaboto sa eleksyon para sa San Francisco Unified School Board ang mga hindi citizen na mga magulang, mga guardian, at tagapagalaga ng mga bata (mula 0 -18 taong gulang). Ang layon nitong Proposisyon N ay mabigyan ang mga hindi citizen na mga magulang ng oportunidad na makatulong sa pagpili ng mga magsasagawa ng disisyun tungkol sa eskwelahan ng kanilang mga anak. Pinahihintulutan nito na marinig ang inyong mga boses!

5. **Magaaply ako para sa naturalisasyon para maging isang US citizen. Ano ang aking dapat gawin kung ako’y tanungin kung nakaboto na ba ako o nakapagreshitro na para bumoto?**
   Kung bumoto o nagparehistro ka para sa eleksyon sa Prop N, sagutin ng matapat. Ligal ang iyong pagboto para sa San Francisco School Board (tingnan ang cheklist para sa eligibilidad). Subalit, tiyakin mong makuha ang iyong liham sa “Karapatan sa Pagboto.” Maaari ninyong hilingin ito sa Department of Elections ng San Francisco. Tiyakin ang pagkuha ng liham na ito at itago ang liham. Kapag nagapply ka para sa naturalisasyon, ilakip ito sa iyong aplikasyon para alam nilang nakapagrehistro at bumoto ka ng ligal.